FACT SHEET NG IMPORMASYON SA BAKUNA PARA SA MGA TATANGGAP AT TAGAPAG-ALAGA

TUNGKOL SA SPIKEVAX (BAKUNA SA COVID-19, mRNA, BAKUNANG MODERNA COVID-19, AT BAKUNANG MODERNA COVID-19, BIVALENT (ORIHINAL AT OMICRON BA.4/BA.5) UPANG MAIWASAN ANG CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19).

PARA SA 6 TAONG GULANG AT PATAAS

Ikaw at ang iyong anak ay inaalok ng alinman sa SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent (Orihinal at Omicron BA.4/BA.5), mula ngayon ay tinutukoy bilang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent, upang maiwasan ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) na dulot ng SARS-CoV-2.

Ang Fact Sheet sa Impormasyon ng Bakuna na ito para sa mga Tatanggap at Tagapag-alaga ay binubuo ng Fact Sheet para sa awtorisado na Bakunang Moderna COVID-19 at ang awtorisado na Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent para gamitin sa mga indibidwal na 6 taong gulang at pataas, at kasama rin ang impormasyon tungkol sa bakunang lisensyado ng FDA, SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) para gamitin sa mga indibidwal na 12 taong gulang at pataas.[1]

Ang aprubadong bakuna ng FDA na SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) at ang Bakunang Moderna COVID-19, na pinahintulutan para sa Emergency Use Authorization (EUA) para sa mga indibidwal na 12 taong gulang at pataas ay maaaring gamitin nang palitan, kapag ginamit ayon sa kani-kanilang mga tagubilin para sa paggamit.[2]

Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) ay isang bakunang COVID-19 na inaprubahan ng FDA na ginawa ng ModernaTX, Inc. Ito ay inaprubahan bilang isang serye ng dalawang dosis para sa pag-iwas sa COVID-19 sa mga indibidwal na 18 taong gulang at pataas. Ito ay pinahintulutan din sa ilalim ng EUA na magbigay ng:

- **dalawang dosis ng pangunahing serye sa mga indibiduwal na 12 taon hanggang 17 taong gulang; at**
- **pangatlong pangunahing serye na dosis sa mga indibidwal na 12 taong gulang at pataas na natukoy na magkaroon ng ilang uri ng immunocompromise.**

[1] Maaari kang makatanggap ng Fact Sheet kahit na ang iyong anak ay 5 taong gulang. Ang mga bata na magiging 5 taong gulang hanggang 6 taong gulang sa pagitan ng mga dosis sa pangunahing serye ay maaaring makatanggap, para sa anumang dosis, alinman sa (1) ang Bakunang Moderna COVID-19 na pinahintulutan para gamitin sa mga indibidwal 6 na buwan hanggang 5 taong gulang; o (2) Bakunang Moderna COVID-19 na pinahintulutan para gamitin sa mga indibidwal na 6 na taon hanggang 11 taon ang edad.

Ang mga bata na magiging 11 taong gulang hanggang 12 taong gulang sa pagitan ng mga dosis sa pangunahing serye ay maaaring makatanggap ng alinman sa (1) Bakunang Moderna COVID-19, na pinahintulutan para gamitin sa mga indibidwal na 6 na taon hanggang 11 taong gulang; o (2) Bakunang Moderna COVID-19, na pinahintulutan para gamitin sa mga indibidwal na 12 taong gulang at pataas; o (3) SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA).

[2] Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) na aprubado ng FDA at ang isang presentasyon ng Bakunang Moderna COVID-19 na pinahintulutan ng EUA (ibinigay na nasa mga maliliit na bote na may pulang takip at tatak na may isang mapusyaw na asul na gilid) ay maaaring gamitin nang palitan para sa pangunahing serye sa mga indibidwal na 12 na taong gulang pataas nang hindi nagpapakita ng anumang alalahanin ukol sa kaligtasan o pagiging epektibo.

Ang Bakunang Moderna COVID-19 ay nakatanggap ng EUA mula sa FDA upang magbigay ng:

- **isang dalawang-dosis na pangunahing serye sa mga indibidwal na 6 taong gulang at mas matanda; at**
- **isang ikatlong pangunahing serye na dosis sa mga indibidwal na 6 taong gulang at mas matanda na may**

  ilang partikular na uri ng immunocompromise.

Ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay nakatanggap ng EUA mula sa FDA upang magbigay ng alinman sa:

- **isang dosis ng booster sa mga indibidwal na 6 taong gulang at pataas at hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos makumpleto ang pangunahing bakuna sa anumang awtorisado o naaprubahang monovalent[3] na bakuna sa COVID-19; o**
- **isang dosis ng booster sa mga indibidwal na 6 taong gulang at pataas at hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos matanggap ang pinakabagong dosis ng booster na may anumang awtorisado o naaprubahang monovalent na bakuna sa COVID-19.**

Ang Fact Sheet ng Impormasyon sa Bakuna na ito ay naglalaman ng impormasyon upang matulungan kang maunawaan ang mga panganib at benepisyo ng SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent, na maaaring matanggap mo o ng iyong anak dahil kasalukuyang may pandemya ng COVID-19. Makipag-usap sa tagapagbigay ng pagbabakuna kung mayroon kang mga katanungan.

Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay maaaring hindi maprotektahan ang lahat.

Ang Fact Sheet na ito ay maaaring na-update. Para sa pinabagong Fact Sheet, bisitahin lamang ang www.modernatx.com/covid19vaccine-eua.

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN BAGO KA O ANG IYONG ANAK AY KUMUHA NG BAKUNANG ITO?

ANO ANG COVID-19?

Ang COVID-19 ay sanhi ng isang coronavirus na tinatawag na SARS-CoV-2. Ang ganitong uri ng coronavirus ay hindi pa nakikita dati. Maaari kang makakuha ng COVID-19 sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao na mayroong virus. Ito ay nakararami isang sakit sa paghinga na maaaring makaapekto sa iba pang mga organo. Ang mga taong may COVID- 19 ay may malawak na hanay ng mga sintomas na naiulat, mula sa banayad na sintomas hanggang sa matinding karamdaman. Ang mga sintomas ay maaaring lumitaw 2 hanggang 14 araw pagkatapos malantad sa virus. Maaaring lumitaw na mga sintomas: lagnat o panginginig; ubo; igsi ng paghinga; pagkapagod; pananakit ng kalamnan o katawan; sakit ng ulo; kawalan ng panlasa o amoy; namamagang lalamunan; baradong ilong o tumutulong sipon; pagduwal o pagsusuka; pagtatae.

PAANO NAKAUGNAY ANG SPIKEVAX (BAKUNA SA COVID-19, mRNA), BAKUNANG MODERNA COVID-19, AT BAKUNANG MODERNA COVID-19, BIVALENT?

Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) ay maaaring gamitin nang palitan.[4] Ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay ginawa sa parehong paraan tulad ng

[3] Ang monovalent ay tumutukoy sa anumang awtorisado o inaprubahang bakuna sa COVID-19 na naglalaman o nag-encode ng spike protein ng Orihinal na SARS-CoV-2 lamang.

[4] Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) na aprubado ng FDA at ang isang presentasyon ng Bakunang Moderna COVID-19 na pinahintulutan ng EUA (ibinigay na nasa mga maliliit na bote na may pulang takip at tatak na may isang mapusyaw na asul na gilid) ay maaaring gamitin nang palitan para sa pangunahing serye sa mga indibidwal na 12 na taong gulang pataas nang hindi nagpapakita ng anumang alalahanin ukol sa kaligtasan o pagiging epektibo.

SPIKEVAX at Bakunang Moderna COVID-19, ngunit naglalaman din ito ng bahagi ng Omicron upang makatulong na maiwasan ang COVID-19 na dulot ng Omicron na variant ng SARS-CoV-2.

Para sa higit pang impormasyon sa EUA, tingnan ang **"Ano ang Emergency Use Authorization (EUA)?"** seksyon sa dulo ng Fact Sheet na ito.

ANO ANG DAPAT MONG BANGGITIN SA TAGAPAGBIGAY NG BAKUNA BAGO KA O IYONG ANAK AY KUMUHA NG ALINMAN SA MGA BAKUNANG ITO?

Sabihin sa tagapagbigay ng bakuna ang lahat ng mga kondisyong medikal mo o ng iyong anak, kabilang kung ikaw o ang iyong anak ay:

- mayroong anumang mga alerdyi
- nagkaroon ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso) o pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso)
- may lagnat
- mayroong isang karamdaman sa pagdurugo o kasalukuyang gumagamit ng pamapanipis ng dugo
- ay immunocompromised o umiinom ng gamot na nakakaapekto sa immune system mo o ng iyong anak.
- buntis o may planong mabuntis
- nagpapasuso
- nakatanggap ng isa pang Bakuna sa COVID-19
- kailanman ay nahimatay na kasama ng isang iniksyon

SINO ANG <u>HINDI</u> DAPAT KUMUHA NG SPIKEVAX (BAKUNA SA COVID-19, mRNA), BAKUNANG MODERNA COVID-19, O BAKUNANG MODERNA COVID-19, BIVALENT?

Ikaw o ang iyong anak ay hindi dapat kumuha ng alinman sa mga bakunang ito kung ikaw o ang iyong anak ay:

- nagkaroon ng isang matinding reaksyon ng alerdyi pagkatapos ng nakaraang dosis ng SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) o Bakunang Moderna COVID-19.
- nagkaroon ng isang matinding reaksiyong alerdyi sa anumang sangkap ng alinman sa mga bakunang ito.

ANO ANG SANGKAP NG MGA BAKUNANG ITO?

Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap: messenger ribonucleic acid (mRNA), lipids (SM-102, polyethylene glycol [PEG] 2000 limangristoyl glycerol [DMG], kolesterol, at 1,2-distearoyl-sn-glycero-3 -phosphocholine [DSPC]), tromethamine, tromethamine hydrochloride, acetic acid, sodium acetate trihydrate, at sucrose

PAANO BINIBIGAY ANG MGA BAKUNANG ITO?

Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay ibibigay sa iyo o sa iyong anak bilang isang iniksyon sa kalamnan.

<u>Pangunahing Serye:</u> Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) at ang Bakunang Moderna COVID-19 ay pinangangasiwaan bilang isang serye na 2 dosis, na 1 buwan ang agwat. Ang pangatlong pangunahing serye na dosis ay maaaring ibigay ng hindi bababa sa 1 buwan pagkatapos ng pangalawang dosis sa mga indibidwal na mayroong ilang mga uri ng immunocompromise.

Dosis ng Booster: Ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay ibinibigay bilang isang dosis nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng:

- makumpleto ang pangunahing pagbabakuna sa anumang awtorisado o naaprubahang monovalent na bakuna sa COVID-19; o
- pagtanggap ng pinakahuling dosis ng booster na may anumang awtorisado o naaprubahang monovalent na bakuna sa COVID-19.

GINAMIT NA BA ANG MGA BAKUNANG ITO NOON?

Milyun-milyong mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda ang nakatanggap ng Bakunang Moderna COVID-19 sa ilalim ng EUA mula noong Disyembre 18, 2020. Sa mga klinikal na pagsubok, humigit-kumulang na 30,000 na mga indibidwal na 12 taong gulang at pataas, 4,000 na mga indibidwal 6 na taon hanggang 11 taong gulang, at 5,000 na mga indibidwal 6 na buwan hanggang 5 taong gulang, ay nakatanggap ng hindi bababa sa 1 dosis ng Bakunang Moderna COVID-19.

Sa isang klinikal na pagsubok, humigit-kumulang 400 na mga indibidwal 18 taong gulang at mas matanda ang nakatanggap na ng isang dosis ng bivalent na bakuna na naiiba sa Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent dahil naglalaman ito ng ibang bahagi ng Omicron.

ANO ANG MGA BENEPISYO NG MGA BAKUNANG ITO?

Ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent ay nagpamalas sa pagpigil ng COVID-19. Pinahintulutan ng FDA ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent na magbigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa COVID-19 na dulot ng variant ng Omicron ng SARS-CoV-2.

Ang tagal ng proteksyon laban sa COVID-19 ay kasalukuyang hindi alam.

ANO ANG MGA PELIGRO NG MGA BAKUNANG ITO?

Mayroong napakaliit na posibilidad na ang mga bakunang ito ay maaaring maging sanhi ng isang malubhang reaksiyong alerdyi. Ang isang matinding reaksyon ng alerdyi ay karaniwang magaganap sa loob ng ilang minuto hanggang isang oras pagkatapos makakuha ng isang dosis ng bakuna. Para sa kadahilanang ito, maaaring hilingin sa tagapagbigay ng pagbabakuna na manatili sa lugar kung saan natanggap mo o ng iyong anak ang bakuna para sa pagsubaybay pagkatapos ng pagbabakuna. Ang mga palatandaan ng isang malubhang reaksiyong alerdyi ay maaaring kasama ang:

- Hirap sa paghinga
- Pamamaga ng mukha at lalamunan
- Mabilis na tibok ng puso
- Malubhang pantal sa buong katawan mo
- Pagkahilo at panghihina

Ang Myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso) at pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso) ay nangyayari sa ilang mga tao na nakatanggap ng SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA) o Bakunang Moderna COVID-19, ay mas karaniwan sa mga lalaking nasa hustong gulang na wala pang 40 taong gulang kaysa sa mga babae at mas nakatatandang lalaki. Karamihan sa mga taong ito, nagsimula ang mga sintomas sa loob ng ilang araw pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis ng bakuna. nagsimula ang sintomas sa loob ng ilang araw pagkatapos makatanggap ng pangalawang dosis ng bakuna. Napakababa ng pagkakataon na magkaroon nito. Magpatingin kaagad sa doktor kung ikaw o ang iyong anak ay may alinman sa sumusunod na sintomas

pagkatapos makatanggap ng bakuna:

- Paninikip ng dibdib
- Kapos ng paghinga
- Pakiramdam na mabilis na pagtibok, kumakabog o pagpitik ng puso

Mga side effects na naiulat sa isang klinikal na pagsubok kasama ng bakuna ay:

- Mga reaksyon sa lugar ng pag-iniksyon: sakit, lambot at pamamaga ng mga lymph nodes o kulani sa parehong braso ng iniksyon, pamamaga (tigas), at pamumula
- Pangkalahatang mga side effects: pagkapagod, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng mga kasu-kasuan, panginginig, pagduwal at pagsusuka, lagnat, at pantal

Mga side effects na naiulat sa panahon ng post-authorization kabilang ang:

- Malubhang reaksiyong alerdyi
- Myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso)
- Pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso)
- Nahimatay kasabay ng iniksyon ng bakuna

Maaaring hindi lamang ito ang lahat ng mga posibleng side effects ng mga bakunang ito. Ang malubha at hindi inaasahang side effects ay maaaring mangyari. Ang mga posibleng side effects ng mga bakunang ito ay pinag-aaralan pa rin.

ANO ANG MAAARI KONG GAWIN SA MGA SIDE EFFECTS NITO?

Kung ikaw o ang iyong anak ay nakakaranas ng matinding reaksiyong alerdyi, tawagan ang 9-1-1, o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Tawagan ang tagabigay ng bakuna o ang healthcare provider mo o ng iyong anak kung mayroon ka o ang iyong anak ng anumang mga side effects na nakakaabala sa iyo o hindi nawawala.

Iulat ang mga side effects ng bakuna sa **FDA/CDC Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS)**. Ang numero ng walang bayad na VAERS ay 1-800-822-7967 o mag-ulat online sa https://vaers.hhs.gov/reportevent.html. Mangyaring isama ang SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19 EUA, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent EUA", kung naaangkop, sa unang linya ng kahon # 18 ng form ng ulat.

Bilang karagdagan, maaari kang mag-ulat ng mga side effects sa ModernaTX, Inc. sa 1-866-MODERNA (1-866-663- 3762).

Maaari ka ring bigyan ng isang pagpipilian upang magpatala sa **v-safe**. Ang **V-safe** ay isang kusang-loob na tool na batay sa smartphone na gumagamit ng pagmemensahe ng text at mga survey sa web upang mag-check in sa mga taong nabakunahan upang makilala ang mga potensyal na side effects pagkatapos ng pagbabakuna ng COVID-19. Ang **V-safe** ay nagtatanong ng mga katanungan na makakatulong sa CDC na subaybayan ang kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19. Nagbibigay din ang **V-safe** ng mga paalala na pangalawang dosis kung kinakailangan at live na pag-follow up ng telepono ng CDC kung ang mga kalahok ay nag-uulat ng isang makabuluhang epekto sa kalusugan kasunod ng pagbabakuna ng COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon sa kung paano mag-sign up, bisitahin: www.cdc.gov/vsafe.

PAANO KUNG MAGPASIYA AKONG HINDI KUMUHA NG SPIKEVAX (BAKUNA SA COVID-19, mRNA), BAKUNANG MODERNA COVID-19, O BAKUNANG MODERNA COVID-19, BIVALENT PARA SA AKIN O SA AKING ANAK?

Sa ilalim ng EUA, may opsyon na tanggapin o tanggihan ang pagtanggap ng bakuna. Kung magpasya kang hindi tumanggap, o para sa iyong anak na hindi tumanggap, alinman sa mga bakunang ito, hindi nito babaguhin ang karaniwang pangangalagang medikal.

MAY IBA PA BANG PAGPIPILIAN PARA MAKAIWAS SA COVID-19 BUKOD SA SPIKEVAX (BAKUNA SA COVID-19, mRNA), BAKUNANG MODERNA COVID-19, O BAKUNANG MODERNA COVID-19, BIVALENT?

Para sa pangunahing pagbabakuna sa mga indibidwal na 12 taong gulang pataas, ang isa pang pagpipilian para maiwasan ang COVID-19 ay COMIRNATY (Bakuna sa COVID-19, mRNA), na aprubado ng FDA. Para sa pangunahing pagbabakuna sa mga indibidwal na 6 taong gulang pataas, ang iba pang mga bakuna para maiwasan ang COVID-19 sa ilalim ng EUA, kabilang ang mga bivalent na bakuna na mayroong bahagi ng Omicron ng SARS-CoV-2.

MAAARI BA AKO O ANG AKING ANAK NA MAKATANGGAP NG SPIKEVAX (BAKUNA SA COVID-19, mRNA), BAKUNANG MODERNA COVID-19, O BAKUNANG MODERNA COVID-19, BIVALENT SA PAREHONG PANAHON NG IBANG VACCINES?

Ang datos ay hindi pa naisumite sa FDA sa pangangasiwa ng SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent kasabay ng iba pang mga bakuna. Kung isinasaalang-alang mong makatanggap o pagpapatanggap sa iyong anak ng SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA), Bakunang Moderna COVID-19, o ang Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent kasama ang iba pang mga bakuna, talakayin ang iyong mga pagpipilian sa iyong healthcare provider.

PAANO KUNG AKO O ANG AKING ANAK AY IMMUNOCOMPROMISED?

Kung ikaw o ang iyong anak ay immunocompromised, maaari ka o ang iyong anak na tumanggap ng pangatlong dosis ng pangunahing serye ng Bakunang Moderna COVID-19 o SPIKEVAX (Bakuna sa COVID-19, mRNA). Ang mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda ay maaaring makatanggap ng dosis ng booster ng Bakunang Moderna COVID-19, Bivalent. Maaaring hindi magbigay ng ganap na kaligtasan sa COVID-19 ang mga pagbabakuna sa mga taong immunocompromised; samakatuwid, ikaw o ang iyong anak ay dapat magpatuloy sa pagpapanatili ng mga pisikal na pag-iingat upang makatulong na maiwasan ang COVID-19. Ang iyong mga malalapit na nakaugnayan ay dapat mabakunahan kung naaangkop.

PAANO KUNG NAGBUBUNTIS O NAGPAPASUSO?

Kung ikaw o ang iyong anak ay buntis o nagpapasuso, talakayin ang mga opsyon sa iyong healthcare provider.

MAAARI BA AKO O ANG AKING ANAK NA MAGKAROON NG COVID-19 SA MGA BAKUNANG ITO?

Hindi. Ang mga bakunang ito ay hindi naglalaman ng SARS-CoV-2 at hindi ka o ang iyong anak mabibigyan ng COVID-19.

ITAGO ANG VACCINATION CARD

Kapag tumanggap ka o ang iyong anak ng unang bakuna ng COVID-19, makakakuha ka o ang iyong anak ng isang vaccination card. Alalahaning dalhin ang card sa pagbalik mo.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kung mayroon kang mga katanungan, bisitahin ang website o tawagan ang numero ng telepono na ibinigay sa ibaba.

Upang ma-access ang pinakabagong Fact Sheets, mangyaring i-scan ang QR code na ibinigay sa ibaba.

Website ng BAKUNANG MODERNA	Telephone number
www.modernatx.com/covid19vaccine-eua	1-866-MODERNA (1-866-663-3762)

PAANO PA AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG KAALAMAN?

- Tanungin ang nagbibigay ng pagbabakuna
- Bisitahin ang CDC sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html
- Bisitahin ang FDA sa https://www.fda.gov/emergency-preparedness-and-response/mcm-legal-regulatory-and-policy-framework/emergency-use-authorization
- Makipag-ugnayan sa iyong estado o lokal na kagawaran ng kalusugan sa publiko.

SAAN ITATALA ANG IMPORMASYON NG BAKUNA?

Maaaring isama ng tagapagbigay ng pagbabakuna ang impormasyon sa pagbabakuna mo o ng iyong anak sa iyong estado/lokal na hurisdiksyon sa Immunization Information System (IIS) o ibang itinalagang sistema. Titiyakin nitong makakatanggap ka o ang iyong anak ng parehong bakuna kapag bumalik ka para sa ikalawang dosis ng pangunahing serye. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa IISs maaring bisitahin ang: https://www.cdc.gov/vaccines/programs/iis/about.html.

MAAARI BA AKONG SISINGILIN NG BAYAD SA PANGANGASIWA SA PAGTANGGAP NG MGA BAKUNA SA COVID-19?

Hindi. Sa oras na ito, hindi ka maaaring singilin ng tagabigay para sa isang dosis ng bakuna at hindi ka maaaring singilin ng bayad sa pangangasiwa ng bakuna na galing sa sarili mong bulsa o anumang iba pang bayad kung tatanggap ka lamang ng bakuna sa COVID-19. Gayunpaman, ang mga tagabigay ng pagbabakuna ay maaaring humingi ng naaangkop na pagbabayad mula sa isang programa o plano na sumasaklaw sa mga bayarin sa pangangasiwa ng bakuna ng COVID-19 para sa tatanggap ng bakuna (pribadong insurance, Medicare, Medicaid, Health Resources & Services Administration [HRSA] COVID-19 Uninsured Program para sa mga non- insured na tatanggap).

SAAN AKO MAAARING MAG-REPORT NG MGA KASO NG HINALAANG PANLOLOKO?

Ang mga indibidwal na may kamalayan sa anumang mga potensyal na paglabag sa CDC COVID-19 Vaccination Program ay hinihimok na iulat ito sa Office of the Inspector General, U.S. Department of Health and Human Services, at 1-800-HHS-TIPS or TIPS.HHS.GOV.

ANO ANG COUNTERMEASURES INJURY COMPENSATION PROGRAM?

Ang Countermeasures Injury Compensation Program (CICP) ay isang pederal na programa na maaaring makatulong sa pagbabayad para sa mga gastos sa pangangalagang medikal at iba pang mga tukoy na gastos ng ilang mga tao na lubhang naapektuhan ng ilang mga gamot o bakuna, kabilang ang mga bakunang ito. Karaniwan, ang isang paghahabol ay dapat na isumite sa CICP sa loob ng isang (1) taon mula sa petsa ng pagtanggap ng bakuna. Upang matuto nang higit pa tungkol sa programa na ito, bisitahin ang www.hrsa.gov/cicp/ o tumawag sa 1-855-266- 2427.

ANO ANG EMERGENCY USE AUTHORIZATION (EUA)?

Ang EUA ay isang mekanismo upang mapadali ang pagkakaroon at paggamit ng mga produktong medikal, kabilang ang mga bakuna, sa panahon ng mga emerhensiyang pangkalusugan sa publiko, tulad ng kasalukuyang pandemya ng COVID-19. Ang isang EUA ay suportado ng isang Kalihim ng Kalusugan at Mga Serbisyo sa Tao (HHS) na pagdeklara na ang mga pangyayari ay umiiral upang bigyan katwiran ang pang- emergency na paggamit ng mga gamot at biyolohikal na produkto sa panahon ng COVID-19 pandemya. Ang isang produktong pinahintulutan para sa pang-emerhensiyang paggamit ay hindi sumailalim sa parehong uri ng pagsusuri ng FDA bilang isang produkto na inaprubahan ng FDA.

Maaaring magbigay ang FDA ng isang EUA kapag natutugunan ang ilang mga pamantayan, na kinabibilangan ng walang sapat, naaprubahan, at magagamit na mga alternatibo. Bilang karagdagan, ang desisyon ng FDA ay batay sa kabuuan ng siyentipikong ebidensya na nagpapakita na ang produkto ay maaaring maging epektibo upang maiwasan ang COVID-19 sa panahon ng pandemyang COVID-19 at ang mga kilala at potensyal na benepisyo ng produkto ay higit sa kilala at potensyal na peligro ng produkto. Ang lahat ng mga pamantayan na ito ay dapat matugunan upang payagan ang produkto na magamit sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Ang isang EUA ay may bisa sa tagal ng deklarasyon ng COVID-19 EUA na nagbibigay-katwiran sa pang-emergency na paggamit ng produktong ito maliban kung winakasan o binawi (pagkatapos nito ay maaaring hindi na gamitin ang produkto).

Moderna US, Inc.
Cambridge, MA 02139

©2022 ModernaTX, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Patent(s): www.modernatx.com/patents
Nirebisa: Okt/12/2022

I-scan upang makuha na ang Fact Sheet na ito ay ibinigay sa tatanggap ng bakuna para sa mga electronic na medikal na talaan/immunization information system.
GDTI: 0886983000349